Magasin ng mga mainit pang impormasyon sa Fukushima

# Heartful Fukushima

Hiwalay na pahayagan

## Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter

**Vol.6** Mayo 30, 2011 nilathala


**Ukol sa Impormasyong Magasin na ito**

Ang impormasyong magasin na ito ay para maipaalam sa lahat ang maaaring makatulong agad na impormasyon, mga aktibidades ng mga boluntaryong sumusuporta sa mga biktima ng sakunq at nasalantang lugar. Ipinamimigay ito sa Disaster Volunteer Center sa loob ng Prepektura. (Isang beses sa isang lingo inilalabas)
Pakibigay lamang po nang mga komento o opinyon sa mga sumusunod.

Tagalathala:Fukushima Prefecture Council of Social Welfare
Fukushima Disaster Volunteer Center
111 Watari Aza Nanashamiya, Fukushima City 960-8141
Fukushima General Social Welfare Center, 1F
**Tel: 024-522-6540** Fax: 024-523-4477
**http://www.pref-f-svc.org**

Ang pantas-aral tungkol sa matinding lindol sa silangang Japan [ang tulong sa mga biktima na pansamantalang pabahay]: Fukushima General Social Welfare Center

## Sa tulong ng kakayahan ng iba' t-ibang tao, ipagdudugtung-dugtong ang mga plano at ibalik natin ang dating kalagayan bago magkaroon ng lindol.





▲Pagkatapos ng lektura, pag-uusapan ang bawat kuru-kuro, bibigyan sangguni ang mga katanungan ng mga sumapi.



◀Isang piraso sa ulat tungkol sa Chuetsu Offshore Earthquake na ibinigay sa pamamagitan ng power-point. Ang kalagayan ng pag-exercise ng mga taong nakatira sa mga pansamantalang pabahay.

Sa Mayo 23, nagkaroon ng pantas-aral sa Fukushima General Social Welfare Center tungkol sa matinding lindol sa silangang Japan [ang tulong sa mga biktima na pansamantalang pabahay]. Sa araw na ito, mahigit 100 mga tao mula sa mga samahang may kaugnayan tulad ng mga tauhan ng Social Welfare Council ng mga bayan ng perepaktura at mga Disaster Volunteer Center ang sumapi. Ang nagbigay ng lektura ay tatlong mga tao na si Ginoong Asano, Yasuhiko (pinuno ng tangapan) ng Niigata Prefecture Kashiwazaki City Social Welfare Council, si Ginoong Ogake, Yukio (dating tagapayo tungkol sa pamumuhay), at si Ginang Otsuka, Mamiko (pinuno ng sangay sa pagtulong sa pamumuhay), ang paksa ay [Ang mga suliranin at pagsagawa ng pagtulong sa paglipat sa pansamantalang tirahan ~Mula sa mga karanasan ng mga biktima ng Chuetsu Offshore Earthquake~].
Ang lektura na ibinigay ay gamit ang power point at materyales na ginawa tungkol sa Chuetsu Offshore Earthquake na nangyari noong 4 na taong nakalipas mula ngayon, tungkol sa pansamantalang tirahan at lugar pulungan, ang mga pagbibisita at mga ginagawa sa mga salon ng mga tauhang nagbibigay tulong sa pamumuhay upang mapaganda ang kanilang buhay, makikita sa pamamagitan ng mga litrato ang mga nangyari sa mga events na isinagawa, lahat ay madaling maintindihan at maaaring magamit na batayan sa hinaharap. Ang mga sumapi ay masinsin na nagtatala habang nakikinig. Lalo na sa Fukushima, dahil sa aksidente sa nuclear plant maraming mga tao ang hindi na makakatira sa lugar na sila ay sanay na. Sa tanong at sagot na bahagi, napag-usapan din na kailangan na mabigay ng tulong batay sa mga kalagayang ito.
Ang Social Welfare Council ng perepaktura, sa tulong ng Kashiwazaki City Social Welfare Council, ay malapit nang magsagawa ng siyasat tungkol sa tunay na kalagayan ng mga mamamayan at isasagawa ang [patnubay sa mga gawain ng Social Wefare Council tungkol sa pansamantalang tirahan]. Ang pakay ay maibalik ang dating pamumuhay tulad ng bago nagkaroon ng lindol. Sa tulong ng kakayahan ng iba't-ibang tao, ipagdugtung-dugtong ang mga plano upang maisagawa ito.



▶[Paniniguro ng kaligtasan, pagtanggap ng mga gawain ng boluntaryo, pagplano・pagsagawa ng mga events, ang tulungan na pag-aayos ng bayan, atbp, ang gawain ng tauhan na tumutulong sa pamumuhay ay marami at iba-iba] ayon kay Ginoong Asano (Kashiwazaki City Social Welfare Council)



▲ [Ang paggamit ng mga lugar pulungan para gumawa ng mga salon ay makakatulong sa pag-buo ng mga samahan ng mga mamamayan kaya hinihikayat. Ang paghikayat sa mga magagawa ng mga nakatirang mamamayan ay mahalaga upang tumagal ang gawain.] ayon kay Ginang Otsuka (Kashiwazaki City Social Welfare Council)



▲ [Ang mahalaga sa pagbantay sa mga tauhan na tumutulong sa pamumuhay ay ang pagpansin sa kahirapang dinadanas nila na hindi nila sinasabi. At ang pagbigay lunas sa kahirapang ito.] ayon kay Ginoong Ogake (Kashiwazaki City Social Welfare Council)

Pagpakilala sa Disaster Volunteer Center ng bayan

### ㉘ Disaster Volunteer Center ng bayan ng Shinchi

Ang Disaster Volunteer Center ng bayan ng Shinchi ay pinalalakad ng mga tauhan ng Social Welfare Council ng iba't-ibang lugar sa Japan tulad ng Hokkaido, Kanto at Kyushu, at ng Disaster Support Project. Mula ng sinimulan ito noong Abril 21, tuluyan na kumikilos ito sa pamamagitan ng kanilang napakagandang samahan sa pag-ayos ng bayan ng Shinchi. Sa kasalukuyan, ang bilang ng mga nakarehistrong mga bokuntaryo ay 1,367 na tao at 22 mga samahan (Mayo 24, 2011). Sa bilang na ito, makikita na talagang napakaraming tao ang nagbibigay ng tulong. Ang bus para sa mga boluntaryo na ipinalakad noong golden week ay puno araw-araw. [Nang ako ay pumasok ng 7:30 ng umaga sa trabaho, ang paradahan ng center ay puno ng mga sasakyan ng mga taong pumunta. May araw na pina-agahan ang umpisa ng mga gawain ng 30 minuto.] ayon sa pinuno ng center na si Koizumi, Shuhei (Social Security Council ng bayan ng Shinchi)

2 buwan at kalahati na ang lumipas mula noong lindol. Hanggang ngayon, karamihan sa mga ginagawa ay ang pagluto sa mga shelter, ang paghakot ng mga basura, at ang paghukay ng mga putik na dala ng baha, ngunit mula ngayon dadami na ang mga gawain na tulad ng pagtulong sa palipat sa pansamantalang tirahan at pag-buo ng mga kasangkapan, ayon kay Ginoong Koizumi. May huling isang napakahalagang pahiwatig. Mula Mayo 26, ang center ay magkakaroon na ng pahingang araw para sa mga boluntaryo na tuwing Huwebes linggu-linggo. Ngunit tatanggap pa rin ng sangguni tungkol sa mga problema. [Huwag mag-atubiling tumawag sa telepono, sama-sama tayong lalampasan ang mga kahirapan na ating masasagupa.] ayon kay Ginoong Koizumi.




▲Kasama ang mga staff na naghirap noong golden week
Ang nasa dulo sa kanan sa unang hilera ay ang pinuno ng Center na si Ginoong Koizumi



▲Ang 5 container house ay ang tangapan ng general affairs sa una, ang tanggapan sa pangalawa, ang grupong namamahala sa pagtugma ng kinakailangan sa pangatlo, ang pag-uulat ng mga gawain sa pang-apat, at bodega ang pang-lima.

**Disaster Volunteer Center ng mga bayan MAPA**

Noong ika-30 ng Mayo, 32 lugar na ang na-itatag.




### ★ Fukushima Disaster Volunteer Center ……Tel: 024-522-6540

**Hilagang parte ng perepaktura**
- ❶ Fukushima City Disaster Volunteer Center
- ❷ Nihonmatsu City Disaster Volunteer Center
- ❸ Tate City Disaster Volunteer Center
- ❹ Motomiya City Disaster Volunteer Center
- ❺ Kori Town Disaster Volunteer Center
- ❻ Kunimi Town Disaster Volunteer Center
- ❼ Otama Village Disaster Volunteer Center

**Gitnang parte ng perepaktura**
- ❽ Koriyama City Disaster Volunteer Center
- ❾ Odagaisama Center (Volunteer Center para sa Pangkabuhayang-Suporta sa Big Palette)
- ❿ Sukagawa City Disaster Volunteer Center
- ⓫ Tamura City Disaster Volunteer Center
- ⓬ Kagami-ishi Town Disaster Volunteer Center
- ⓭ Tamakawa Village Disaster Volunteer Center
- ⓮ Hirata Village Disaster Volunteer Center
- ⓯ Ono Town Disaster Volunteer Center

**Timog na parte ng perepaktura**
- ⓰ Shirakawa City Disaster Volunteer Center
- ⓱ Nishigo Village Disaster Volunteer Center
- ⓲ Yabuki Town Disaster Volunteer Center

**Aizu**
- ⓳ Aizu-Wakamatsu City Disaster Volunteer Center
- ⓴ Kitakata City Disaster Volunteer Center
- ㉑ Kita-Aizu Town Disaster Volunteer Center
- ㉒ Bandai Town Disaster Volunteer Center
- ㉓ Inawashiro Town Disaster Volunteer Center
- ㉔ Aizu-Bange Town Disaster Volunteer Center
- ㉕ Showa Village Disaster Volunteer Center
- ㉖ Aizu-Misato Town Disaster Volunteer Center

**Timog-Aizu**
- ㉗ Shimogo Town Disaster Volunteer Center

**Sousou**
- ㉘ Shinchi Town Disaster Volunteer Center
- ㉙ Soma City Disaster Volunteer Center
- ㉚ Minami-Soma City Disaster Volunteer Center(Kashima Ward)
- ㉛ Minami-Soma Disaster Volunteer Center (Hara-machi Ward)

**Iwaki**
- ㉜ Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki